# Lampas sa Larawan

**Emmanuel Jayson V. Bolata**

"Ang gunita ay buhay, iniluwal ng mga buhay na lipunang itinatag sa ngalan nito. Nananatili ito sa permanenteng ebolusyon, bukas sa talaban ng pag-alala at paglimot, walang malay sa kasunod nitong mga depormasyon, nakalantad sa mga pagmamaniobra at pag-aangkin, kumikiling sa pagiging matagal nang nahihimbing at maya't maya'y gigisingin. Ang kasaysayan, sa kabilang banda, ay ang muling pagbuo, parating problematiko at hindi tapos, ng kung ano ang hindi na. Ang gunita ay isang habambuhay na aktuwal na penomenon, isang buklod na nagtatali sa atin sa walang-hanggang kasalukuyan; ang kasaysayan ay isang representasyon ng nakalipas."

—Pierre Nora, *Between Memory and History: Les Lieux de Mémoire* (1989)

ITINUTURO SA AMIN, sa klase man o sa mga pahina ng aklat, na ang mga litrato ay isang uri ng pangkasaysayang dokumento. Bilang isang History major, natutuhan kong basahin ang mga larawan sa isang metodolohikal na paraan: may tinatawag kaming external criticism, kung saan papatunayan ang awtentisidad ng pangkasaysayang dokumento, halimbawa, sa pagtingin sa kulay ng isang larawan (colored, brown-and-white? gaano kabrown?), pagsalat sa papel nito (glossy? gaano kakapal? matigas? may mga foxing?), at pagtingin sa mga posibleng marka (may tatak ba ang photo paper? may nakasulat bang petsa at lugar sa pagkalimbag?). Sinusuri naman ng internal criticism, na nakatuon sa kredibilidad, ang nilalaman ng larawan— may pamilyar bang mga sasakyan, gusali, daan, muhon, matandang puno, daluyan ng tubig, hugis ng bundok, kumpol ng ulap na nagbabadya ng pag-ulan?

Sino-sino ang mga nasa larawan—bata, matanda, babae, lalaki, katutubo, dayuhan? Makikilala ba kung sino sila?

Minsan, naa-apply ko ang mga natutuhan kong ito sa mga feature photos ng mga kilala o di-kilalang friends sa Facebook. Given nang ilalagay ng sinuman ang mga larawang malapit sa puso nila. Mga piraso ng kanilang identidad. Madalas, family picture. Karamihan pa nga'y puro litrato ng pamilya ang lahat sa lilimang espasyo ng feature photos. May iba namang larawang kasama ang kanilang mga alaga (aso, pusa, hamster, rabbit, biik, python, Texas, at iba pa), mga tanawin na minsan lamang nilang napuntahan (tulad ng mga kuha sa Angkor Wat o Disneyland o Great Wall of China), mga pagtitipon ng mga magkakaibigan o magkaka-organisasyon, mga sweet na sweet na tagpo kasama ang kasintahan (oo, kasintahan, awkward kung ilalagay mo sa featured photo kung hindi naman kayo—at baka matuluyang hindi pa kayo magkatuluyan), at iba pa. May isa nga akong friend na sina Foucault, Deleuze at Guattari, Jean-Paul Sartre at Simon de Beauvoir, at ang Frankfurt School ang mga featured photos.

Bakit hindi ko gawan ng pagsipat (o pananalamin?) ang sarili? Apat na tao, dalawang hayop. Apat na lalaki (lalaki ang isa sa mga hayop), dalawang babae (babae ang isa sa mga hayop). Dalawang tao ang nakaupo sa isang mahabang upuang kahoy. May tig-isang hayop (partikular: aso) sa kanilang kandungan. Dalawa ang nasa likuran ng upuan, nakatayo. Lahat ng anim na subject ay nasa ilalim ng isang hagdanan, na nagmumungkahi ng ikalawang palapag ng bahay. May isang bilog na salamin sa likod ng isa sa mga nakatayo, na sinasalamin ang likod ng ulo nito hanggang leeg at collar. May dalawang bahagi kung saan prominente ang liwanag: sa itaas-kanan (na isang bintana, sa papahapong silahis ng araw), at sa kaliwa ng mahabang upuan, mga tao at hayop, kung saan kalat-kalat ang liwanag na sari-sari ang kulay (sapagkat isang Christmas tree). Kinunan ito gamit ang Samsung Galaxy Grand Duos. Maaaring inadjust na ang ilang elemento ng larawan (brightness, contrast, sharpness, etc.) bago ito nai-save at ipinost sa Facebook noong Enero 2014.

Siguro kung papaganahin ko pa ang siyentipikong lente ng historyador, sa bisa ng internal criticism, habang hinahagod ng tingin ang napili ko sa limang larawan, una kong itatanong: sino ang nasa likod ng kamera? Noong maipakilala ang kamera sa daigdig, nangamba ang mga pintor sa Europa sapagkat may katunggali na sila sa paglalarawan ng mga pangkasaysayang kaganapan hanggang sa posibleng pinakatiyak nitong detalye. Talo sila sa kamera pagdating sa masining na reproduksiyon ng totoo. Na nagbunsod naman sa modernistang arte na binasag ang tradisyonalistang tunguhin ng replikasyon ng katotohanan. Sa pag-usbong naman ng teknolohiya sa

pagbukang-liwayway ng ika-21 dantaon, ang dominanteng posisyon ng fotograpo ay muling mayayanig—siyang tila panoptikong nakakakita ng lahat ng makuhanang tagpo ay mailalantad na sa mundo, sa pamamagitan ng selfie. Ang fotograpo na sa ngayon ang kumukuha at kinukuhanan.

Ngunit hindi isang selfie ang tampok na larawan. Mayroon itong fotograpo, tulad ng palasak na gawain noon sa pagkakamera. At tulad ng palasak na tinatampok bilang feature photos sa Facebook, isa itong family picture. Ang aming family picture.

Ang makapangyarihang fotograpo sa kuwentong ito ang siya ring nag-effort para mailuwal ang larawan. Si Tita Baby, ang kapatid ni Papa (pito silang lahat), pangalawa sa magkakapatid at itinuring na ring ate-at-nanay ni Papa, sapagkat maagang iniwan ng ina at hindi naman makahanap ng parehong kalinga sa malupit na madrasta. Sa kanilang tirahan sa Montalban, Rizal kami nagdaos ng Kapaskuhan nitong 2013. Bago pa magkakuhanan ng litrato, pagayak na kami upang pumunta naman sa isang pagdiriwang ng Bagong Taon sa mga kamag-anak sa side ni Mama sa Las Piñas. Naisipan ni Tita Baby na magkaroon kami ng family picture. Sa totoo, hindi naman talaga kami mahilig sa pormal na litratuhang pampamilya. Siguro'y gusto lang ding itulad ni Tita sa kanilang family portrait na nasa sala (na hindi hagip sa litrato). Kaso, isa naman itong painting. Pintor ang nagtabi-tabi sa kanila upang makabuo ng family painting. Iba pa rin ang mas realistikong replikasyon ng kamera.

Noo'y nagsusukat ako ng isang polong long sleeves, na dating kay Kuya Cocoy, ang anak na lalaki ni Tita Baby, ang bayaning pulis ng angkan. Kahubog ko raw siya ng katawan: mahahaba ang galamay ngunit malapad ang balikat, na minana raw kay Lolo Paquito, ang tatay nila. Samantala, naghahanap din noon si Tita nang ibibigay na polo kay Papa. Itong asul na checkered at short-sleeved, na dating kay Tito Cardo, ang ngayo'y suot-suot na ni Papa. Pumupustura pa siya sa salaming bilog sa sala. Tila may ukay-ukay galore for free, at hindi na kailangang paghirapan ang pagbababad at pagkukula ng mga damit dahil magkakamag-anak naman, may shared scent sa pamamagitan ng dugo kumbaga ang di-winikang palusot. Naka-T-shirt lamang noon si Gabriel (mamaya'y susuotin ang kaniyang polo-cardigan, na kinaiinggitan ko noon pa), habang si Mama naman, nakadilaw na poloshirt.

Nang kumislap ang bombilya sa isip ni Tita Baby, nag-ala-direktor ito. Humanap ng magandang set at anggulo. Una kaming kinunan sa isang mas mahabang upuan sa sala. Naka-landscape ang kuha niya noon. Napansin niyang against the light, dahil bintana ang nasa likod namin. Pinalipat kami sa mas maikling upuan sa tabi ng Christmas tree. Mas naging buhay nga naman ang kulay dulot ng magkahalo

nitong berde, pula, at dilaw, na sumasama sa brown ochre na kulay ng sala. Hindi nagmukhang kupas ang aming mga suot. Tila mas nagningning ang aming mga ngiti.

Kinuha ni Tita Baby ang dalawa nilang asong shih tzu, si Cotton at Tyler. Ipinakandong kina Papa at Mama. Pinaglapit pa ni Tita sina Mama at Papa para magkaroon naman ng "sweet-sweet" element. "Akbayan mo naman si Marilyn, 'Wel," sermon pa nito kay Papa. Kami ang pinatayo sa likod. Siguro'y nakontento na ang tiya sa composition ng kanyang obra maestrang larawan, at wala nang nakikitang iba pang munting iregularidad na makakaapekto sa kabuuang porma ng kanyang sining, sunod-sunod na ang lagitik ng kanyang cellphone. Oo, totoong may tunog ng lagitik. "One, two, three—" panimula ni Tita sa kada pindot. Dito ko napagtantong talagang lampas pa sa Android Age ang impluwensiya ng Kodak.

Para sa amin (siguro'y maliban lamang kay Mama), isang nakakawalang-ganang tagpo ang dumalo sa reunion sa Las Piñas noon. Bata pa kami, malinaw na sa amin ang pakay ng pagpunta roon: para makapamasko sa mga ninong at ninang, mga tiyo at tiya, sa side nina Mama. Masasabi ko namang mababait sila, at mapagbigay, at maasikaso sa mga bisita, ngunit unti-unting nahuhulma sa aking isipan habang papatanda ang larawan ng aming kaawa-awang sitwasyon. Para kaming mga nakaabang na aso sa hapag ng mayaman. Napansin ko ring tuwing pumupunta kami noon dito tuwing Bagong Taon, hindi sumasama si Papa.

Madali lang namang puntahan ang Las Piñas noong nakatira pa kami sa Montalban, kapareho nina Tita Baby. Sabay-sabay kasi kaming napalipat noon sa Pabahay ni Erap doon. Pa-Las Piñas, sasakay lamang ng jeep papuntang Commonwealth Avenue, sasakay ulit sa FX (wala pang UV Express noon) papuntang Lawton, at isa na namang FX papuntang Times, kung saan magta-tricycle na kami papasok sa subdivision na tinitirhan ng mga kamag-anak ni Mama. Ngayon, dahil tatlong taon na kami sa Marinduque, at miminsan lamang pumuntang Kamaynilaan para sa bakasyon, hindi puwedeng hindi rin sasama si Papa.

Naiintindihan ko na kung bakit. Sa bahay na iyon, bumabaha ang masasarap na pagkain (caldereta, lechon, pritong manok, morcon, fruit salad, shanghai, at kung ano-ano pa) at inumin (hindi naman ako umiinom kaya hindi ko alam kung ano; ang alam ko lamang ay marami talagang bote na nakalagay sa mga cooler na puno ng tube ice). Kitang-kita ang kaalwanan ng mga kamag-anak ni Mama: mga doktor, seaman, abogada, negosyante, officer sa isang international airlines, customs broker. Ang mga regalo sa mga bata, galing Toy Kingdom. Ang alam ko lang na laruan, 'yung mga teks at holen at pogs at trumpo at action figures sa tindahan ni Ate Weng sa kalapit naming klaster noon sa Montalban. Ang mga ref magnets, saksi sa mga napuntahan

na nilang bansa—Canada, Amerika, Hong Kong, Singapore, at iba pa. Natatandaan ko ang lahat ng wala sa amin: ang mini chandelier, ang piano, mga bangang mukhang antique, mga painting at burda sa pader, makinis at malambot na sofa, toilet na may flush, mga larawan sa mararangyang frame sa iba't ibang hugis.

Iwas si Papa sa mga ganitong okasyon. May tendensiya siyang maging anti-social lalo na kung hindi niya makapalagayan ng loob ang mga naroroon. Kaya niyang makipaglaro kahit sa mga batang uhugin at walang salawal sa Bognuyan (aming barangay sa probinsiya), o makipagbiruan sa daan sa mga tindera ng kakanin, magtutuba, o drayber ng tricycle pa-ilaya. Ngunit hindi rito. Wala naman siyang maibibidang yaman sa bangko o tagumpay sa propesyon o bansang napuntahan na makikisayaw sa musika ng mga burges na ito. Madaling kumunot ang kanyang ilong sa panghi ng pataasan ng ihi. Isa itong pagsaling sa kanyang pride. Nang pumunta kami kasama si Papa sa Las Piñas, nakita ko siyang naglalagi sa isang sulok lamang. Ni hindi nakikiupo sa kalalakihan. Pinainom siya ng isang bote ng di ko na maalalang alak. Pulang-pula siya at hilong-hilo, kahit na sinasabing hindi pa raw matapang ang alak na iyon. Tila lalagnatin. Hindi kasi siya umiinom ng alak, hindi tulad ng kalalakihang noo'y nakabilog sa mesa at testimonyo ang kakatwang hubog ng bilbil sa kanilang paglalasing.

Hindi rin nakakapagtaka kung si Papa ang unang magyayayang umuwi.

Hindi rin naman kami talaga makakapunta sa Kamaynilaan, na unang beses sa tatlong taong pamamalagi sa Bognuyan, Gasan, Marinduque, kung hindi dahil kay Papa. Ipon niya ang aming pinamasahe papunta kina Tita Baby kung saan kami unang tumuloy. Nanlaki ang mga mata namin sa dami ng kanyang ipon. Ni hindi namin namamalayan na marami pala kaming pera. Sa amin din naman kasi ang daloy ng biyaya. Reklamo nga ni Papa, "Pera niyo, pera niyo. Pera ko, pera niyo pa rin?"

Yin at Yang sina Mama at Papa; kung gaano kabilis dumulas ng pera sa kamay ni Mama, ganoon naman kahigpit ang pagkapit ni Papa sa mala-palos na salapi. Sa gabi bago kami bumiyahe kinabukasan, binuksan ni Papa ang kanyang dalawang kawayang alkansiya, na noon lamang din namin nalamang may gano'n pala. May laman pala ang mga kawayang akala nami'y pansundot at panulak lamang ng antena kapag malakas ang hangin at umuugong ang TV naming sinlaki ng freezer. Hindi naman kasi kumakalansing ang mga kawayang ito (hindi rin naman kami mangungupit kung sakali). Puro papel pala ang laman.

Hindi ko na matandaan kung ilang libo ang naipon ni Papa noon, basta't sapat lamang sa pagpunta at pabalik naming tatlo nina Gabriel at Mama. Magpapaiwan na naman daw siya, dahil hindi naman ganoon kalaki ang badyet. Sabagay, sa Las Piñas,

may tsansang madagdagan pa ang aming pera mula sa mga bigay-bigay. Makakauwi kami ulit. Kaso nakakalungkot na maiiwan na naman si Papa.

Paalis na kami upang maghintay ng jeep nang alas-kuwatro para makaabot sa biyaheng alas-sais ng barko sa Balanacan nang tila naalimpungatan si Papa. Bumangon at lumabas sa kulambo. Maliligo na raw siya. “Sasama na ako,” sabi ni Papa, “Pera ko ’yan tapos kayo lang ang magsasaya?”

Sa pagpunta namin kina Tita Baby noong Kapaskuhan ng 2013, bagama’t mukhang mahina na si Papa sa mga kuhang litrato sa kaniya, nagsilbi naman itong maaliwalas na panahon para sa kanya. Sa request kong makakita ng mga ilaw, sapagkat baog sa liwanag at ingay ang Bognuyan tuwing Pasko, inilibot kami nina Tita Baby, Tito Cardo, at Ate Nikka sa Eastwood para sa fireworks display. Kasingliwanag ng kislap sa aming mga mata at ngiti ang mga kuwitis na nagpipinta sa canvas ng gabing-langit at ang mga maniningning na talang bumaba sa lupa. Tatlong taon na kaming hindi nakakakita nang ganito.

Ikalawa na ang family picture na ito. Ang una’y kinuhanan noong maliit pa kami, limang taon yata ako noon at tatlo naman si Gabriel. Nasa Old Balara pa kami nakatira. Mga batang QC naman talaga sina Papa at Tita Baby. Mula pa kay Lolo Paquito, matagal na silang nagtatanim ng mga gulay at nananalbos sa noo’y kasukalan at damuhan pang mga bahagi ng Balara, Diliman, at Pansol. Sa isang lote sa Old Balara, magkakasama noon ang bahay nina Tita Baby, ang bahay ni Lolo Paquito, at ang bahay namin (na dating paupahang-bahay ni Lolo).

Siguro’y taong 2000 pa iyon. Kuha sa isang studio, naroon si Papa na nakaitim na t-shirt, si Mama na naka-stripes na T-shirt, at kaming dalawa na pareho pang naka-jumper. Si Gabriel sa madalas niyang curious na pagmulagat ng mata, at ako na pamisteryosong nakakurba ang kilay na parang question mark (siguro’y nasilaw ako sa flash). Hindi dahil sa luho kung kaya nagpa-picture. Ang totoong kuwento’y nasa pagitan ng tila kalmante naming mukha sa larawan at sa tunay na kagipitan ng sitwasyon bago pumasok at pagkalabas ng studio. Bahagi ang family picture sa requirements ng National Housing Authority upang makapagproseso ng malilipatang bahay sa Montalban, Rizal. Mabilisang tumugon si Papa nang agad siyang sabihan ni Tita Baby na mag-asikaso na ng mga papeles. Talo na kasi sa kaso ang pinaglalaban ng Samahang Pangmagkakapitbahay (kung saan opisyal si Tita Baby)—ibig sabihin, ang bahaging iyon ng Old Balara na inokupa sa matagal na panahon ng mga informal settlers ay tuluyan nang ide-demolish upang mapagtayuan ng isang branch ng kilalang hardware at appliances store, na ngayo’y mayabang na nagpapakitang-bulas sa kahabaan ng Commonwealth Avenue.

Naramdaman siguro ni Papa na hindi siya nababagay sa ganitong okasyon. Hinahanap niya ang kaniyang sariling espasyo. Siguro'y sumagi rin sa isip niya na bumalik kina Tita Baby. Sa matagal na panahon, si Tita Baby lang ang itinuring niyang ate, ang kaniyang nilalapitan na alam niyang hindi siya tatanggihan, ang kaniyang kinukuwentuhan ng mga pakikibaka sa malupit na mundo at alam niyang pakikinggan siya. Sa pagpunta sa bahay nila sa Montalban, naging hingahan ng sariwang hangin ang lugar nina Tita Baby. Malay kami, at lalo na si Papa, sa nararanasan naming hirap sa Marinduque. Sinusuportahan kami ni Tita Nancy, ang panganay sa kanilang magkakapatid, sa pag-aaral namin ni Gabriel at sa pang-araw-araw na buhay, kapalit ng kung ano-anong mga trabaho. Tatlong dekada nang naninirahan noon si Tita Nancy sa Darwin, norte ng Australia, at umuuwi-uwi lang paminsan-minsan sa Pilipinas. Ilang taon lamang ang nakakaraan, tumingin ito ng lugar na pagtatayuan niya ng sariling bahay sa Pilipinas, at napili ang probinsiya nina Mama, ang Marinduque. Nakatagpo ng lupain sa Bachao Ilaya na sa paanan ng mga bundok.

Tatlong dekadang pagkakawalay, hindi na kilala ni Papa si Tita Nancy. "Ate" ang tawag nito sa kanya ngunit mas kinikilalang ate ang nasa malayong si Tita Baby. Halos lahat ng kaniyang kapatid—sina Tita Nanie, Tita Neneth, at Tito Buboy—na kaniyang niyakag upang tulungan siya sa pagbuo ng bahay at pamamahala sa lupa niya sa ilaya ay unti-unting nag-alisan. Mga isyu sa pagtitiwala at ugali na nauwi sa madadramang pagpapalayas.

Maging si Papa, ang bukod tanging natira, ay hindi nakaiwas. Hanga nga ako sa kaniyang pagkamatiisin sa pagmamalupit ng kaniyang mismong kapatid. Hindi niya nararamdamang pinahahalagahan siya sa kaniyang pinagpaguran kahit binabaldado na ng sakit. Hindi niya nakikita ang pagtanaw ng utang na loob ni Tita Nancy sa lahat ng kaniyang mga isinakripisyo. Hindi na niya kilala ang kaniyang Ate Nancy; sa matagal na pamamalagi sa Australia, de-calculator na ang utak nito. Kuwentado nito ang oras ni Tito Buboy na magkurba ng mga bakal na panghaligi sa site, ang badyet nina Tita Nanie at Tita Neneth na iginugugol para sa pagkain, ang tuition fee namin ni Gabriel na sinusuklian ni Papa ng paglalakad ng papeles o pagbibisor sa mga trabahador ng binubuong bahay o kung anumang trabaho kahit na marami nang komplikasyon sa bato, puso, at mga binti't paang palaging ina-arthritis at gina-gout. Kaya ang naging resulta, isinasagasa ni Papa ang sarili sa pagtatrabaho upang patunayan ang sariling halaga. Bugbog ang nasa-kuwarenta'y singko anyos nang katawan sa pagtatabas ng damo, pagbubungkal ng lupa, pagtatanim ng kung ano-ano sa lote, at pag-aasikaso ng natapos nang bahay lalo na sa panahong nasa Australia si Tita Nancy. Lumumbay rin ang puso

dahil madalas na mag-isa sa paggawa. Himutok noon sa amin ni Papa, at kaniya ring naikuwento kay Tita Baby nang miminsan tumawag ito, "Ang utang na loob, tinatanaw, hindi binabayaran." Hindi nagmamalasakit na kapatid ang turing kay Papa at sa iba pa, kundi mga papasahuring empleyado na nararapat tumalima sa oras at dami ng pinapataw na trabaho.

Sinubukan kong kilalanin si Tita Nancy sa kabila ng paglayo ng aming loob sa kaniya, at nagsimula ako sa pangalan. Neriza ang tunay niyang pangalan; lahat sila ay nagsisimula sa titik N—Neriza, Nimfa, Necita, Nayde, Neneth, Noel, at Noe. Sa N din nagsimula ang palayaw ni Tita Nancy. Akala namin noon, hinango mula kay Nancy Drew, isang matinik na babaeng detective na naging popular noon sa mga kabataan, katuwang ng serye ng Hardy Boys. Ngunit hindi pala, hango pala ito sa komiks. Nakatisod ako ng komiks kamakailan, sa isyu ng Sunday Times, taong 1950. Naroon ang isang batang babae, itim ang buhok, hugis bao ang bangs, may laso sa ulo, nakalong-sleeve na itim sa katawan at puti ang manggas, nakapalda, nakasapatos. Isang batang mautak at medyo pilyo. Siya si Nancy, katha ni Ernie Bushmiller. Noong bata pa si Tita Nancy, hawig daw ito kay Nancy, batang babaeng malamyerda, mga lalaki ang palaging kalaro, madalas na napapalo, naglalagay ng karton sa puwet kapag alam na hahagupitin ng sinturon. Panganay na hindi naglalagi sa bahay, isang rebelde kung tutuusin. Ngunit uragon si Nancy, sabi ng mga matatandang kamag-anak na buhat sa Kabikolan. Streetwise, nakakapasa sa eskuwela kahit madalas umabsent, isang araw sa huling bahagi ng dekada '70, aalis siya patungong Australia upang bumuo ng pamilya kasama ang kaniyang asawang si Gandar, isang Australianong punong-guro na miminsang napadpad sa Clark upang maglibang. Babalik si Gandar sa Australia katuwang ang isang Pilipinang asawa, si Nancy nama'y tuluyang yayakapin ang dayuhang pasaporte. Pagbalik niya sa lupaing nilisan matapos ng ilang dekada, mayroon na siyang limang anak, ikalawang asawa, dilang nakahulma sa garalgal ng pananalitang Australiano, malalaking maletang naglalaman ng mga cigar cases, CDs ng Simon & Garfunkel at desert documentaries, hotel slippers, kangaroo ref magnets, aklat ng numerology, dream interpretations, at feng shui, freebies ng Skycity casino, wafer sticks na hindi lasang Stick-O.

Umalis kami ng Las Piñas nang may nakakasagutan si Papa. Napag-usapan kasing kina Tito Erwin, ang kapatid ni Mama, sa Quiricada, Sta. Cruz muna magpapalipas ng magdamag. Gusto nang umalis ni Papa, ayaw pa nina Tito Erwin at Tita Glenda. Papa-alas-sais pa nga lang naman ng gabi. Masyado pang maaga. Ang rason, sa katagalan ng pamamalagi roon, mas malaki ang tsansa na makarami ng matatanggap. Kung

sila-sila na lang din ang makikita sapagkat nagsialisan na ang ibang bisita, maaaring mas malaki pa ang maiuuwing pakimkim.

Na siyang mismong ayaw ni Papa. Kinausap si Mama na umalis na. Nakita ko ring walang gaanong nangyari sa paghihikayat ni Mama kay Papa na makisalamuha at baka maabutan din. Ayaw na niyang dumepende at magpailalim sa ibang tao, lalo na sa perang bigay at hindi pinagpaguran.

Nauwi kami ngayon sa Luneta. Sa inis ni Papa, sinabi pa niyang dito na lang matulog. Makikita ang marami na naglatag na sa damuhan ng kanilang banig o karton. Hindi naman natutulog ang Luneta. Ngunit ang mungkahing ito ay agad na pinandirihan ni Mama. Sabagay, paano kung bigla kaming manakawan habang tulog? O mapaaway sa sinumang nantitrip na tambay? Tatlong taon na kaming promdi, hindi na namin alam ang pulso ng Maynila.

Mahilig talaga si Papa sa mga polo. May koleksiyon siya ng bulaklakin, checkered, striped, at isang-kulay na short-sleeved polo. Namana ko siguro sa kaniya ang ganitong kahiligan. Sabi ni Tita Baby, ganito rin daw si Lolo Paquito, may clutch bag pa itong dala habang nakatucked-in ang damit at kuntodo pamada ang buhok. Nakokornihan naman ang tiya sa pagsusuot pa ni Papa ng white T-shirt sa loob ng polo—hindi raw magandang tingnan ang doble-dobleng collar. Si Papa ang nagturo sa aking magtuck-in, batakin ko raw ang polo sa pagitan ng aking hita at iangat ang pantalon, sinturonan ito, pagkatapos ay unti-unting pantayin ang naipasok nang polo depende sa gusto kong batak. Dahil madalas na mali at nasosobrahan ang batak, ipinapasok ko ang polo ko sa brief nang hindi niya nalalaman sapagkat papagalitan niya ako panigurado.

Hindi niya tinanggihan ang polong galing kay Tito Cardo na suot niya sa family picture. Bagay naman sa kaniya. Polo rin ang suot niya noong Recognition at Graduation namin sa Marinduque Midwest College. Kahit nang ipatawag si Papa sa eskuwela dahil sa pagkakaroon ng sanction ni Gabriel, naka-polo rin ito. Inasar pa nga ako ng mga kaklase na parang meyor daw ito kung pumustura. Gayumpaman, turan daw ng Lolo Paquito, "Magdamit nang maayos para tratuhing maayos, dahil hindi naman alam ng tumitingin kung ano ang nasa sikmura mo, kung manok o balaw ang kinain mo." Nang huli kong makita si Papa, hindi lang kaswal na polo ang suot nito, kundi puting long-sleeve at itim na coat at slacks. Pusturang-pustura.

Sa biglaang pagbalik ko sa Marinduque sa kalagitnaan ng aking unang semestre sa UP, muli kong nakita ang aming family picture. Hindi lamang ito nanatili sa Facebook, ipina-print din ito ni Tita Baby, inilagay sa isang frame, at ibinigay sa amin. Ang pinakadisente na naming larawang pangmag-anak. Pinaalala nitong

muli ang aming masalimuot na pagbabalik noon sa Kamaynilaan matapos ang tatlong taon.

Marami pa itong ipinaalala. Ipinaalala nito na may historical importance na ang larawan, sapagkat dumaraan kami ngayon sa isang historical turning point. Ipinaalala nito ang isang historical moment na nakapako sa isang tiyak na lugar sa nakaraan. Ipinaalala nito ang historical reality na ito na ang huli naming family picture kung saan buo pa kami.

History rin ang hilig ni Papa. Noong nagtatrabaho pa ito sa Ever Gotesco Mall sa Commonwealth, minsa'y inuwi niya ang history textbook ni Zaide na matagal nang naiwan sa baggage counter at hindi na binalikan. Saksi ang sira-sira nitong itsura sa dalas ng kaniyang pagbabasa ng nag-iisang librong iyon. Kahit noong nagtitinda kami ng palamig at ice candy (na frozen palamig din naman) sa Mahal na Araw sa poblacion ng Gasan, iyon ang baon-baon niya para hindi raw siya maboring. Minsan, ipinagmamalaki niyang binanggit sa amin ang winning lotto number ni Rizal. At kahit ang isyu sa Limasawa at Masao na pinagganapan daw ng Unang Misa. Nang malamang pasado ako sa BA History sa UP at minsang napadaan ng National Bookstore, ibinili niya ako ng *Looking Back* ni Ambeth Ocampo.

Kina Tita Baby ako umuuwi tuwing weekend sa mga taon ko sa UP. Isang hating-gabi, napahaka ang tiya nang muli naming mapag-usapan ang family picture. "Bakit kaya biglang sumama si Noel noon, 'no? Siguro'y nararamdaman na rin niya ang mangyayari. Siguro'y nararamdaman niyang baka wala na siya sa susunod kung palalampasin pa niya ito."

Naalala kong muli, nang isara na ang kaniyang kabaong, iniwan ko sa ibabaw ng salamin ang aking mga bluebooks sa Kas 1 na parehong 1.0 ang grado. Salamat, Pa, sa iyong mga aklat.

Sa tingin ko, bigo ako sa siyentipikong panunuri ng aming family picture. Hindi ko mapaghihiwalay ang nagtatangkang-maging-obhetibong ako at ang gumugunitang ako. Kung sabagay, maging ang kasaysayan sa kabuuan ay may kinikilingan. Limitado rin ang abot ng aking gunita. May mga alingawngaw na hindi ko na madinig, o pinipilit na iwanan na lamang na malunod sa balon ng pagkalimot sapagkat sariwa pa ang hiwa.

May kuwento ang mga larawan, ngunit limitado lamang ito sa hangganan ng sariling frame. May mga kuwento ring hindi nakuhanan ng larawan. Walang larawan ang maghapon—umaraw man o umambon—na pagtatabas namin nina Papa at Gabriel ng makakapal na kumot ng kugon sa kalawakan ng lupa ni Tita Nancy. Walang larawan ang paglisan ni Tito Buboy papuntang Saudi, gamit ang

birth certificate at mga dokumento ni Papa, matapos nitong mapalayas. Walang larawan si Mama na iniraraos ang aming almusal, tanghalian, at hapunan noon sa Montalban sa pamamagitan ng pangungutang sa mga tindahan ng bigas, sardinas, Lucky Me, itlog, at uling, nang hindi nakakagalitan, isang bagay na hindi kayang gawin ni Papa. Wala kaming larawan ni Papa noong inilalabas niya ako sa sinlaki-ng-koral na pansamantalang tuluyan sa talipapa ng Old Balara bago pa kami lumipat sa Pabahay ni Erap sa Montalban upang panoorin ang mga sasakyan sa kahabaan ng Commonwealth Avenue. Noo'y tila ineenjoy namin ang kawalan—kaming nasa posisyon ng kawalan: kawalan ng sariling espasyong tirahan at kawalang-kasiguraduhan kung pansamantala o panghabambuhay ba kaming magiging ganito. Tumatawid kami sa mga minuto at espasyo habang nakaupo lamang, wala kaming pagkakakilanlan sa harap ng mabilis na daloy ng oras sa abalang-abalang lungsod, isinasakay ni Papa ang aming sarili sa mga trak, kotse, at bus sa sarili naming imahinasyon at ginagawan iyon ni Papa ng kung anumang kuwento—tanging ang mga sundalo sa trak ang nagugunita ko. Hanggang sa hindi na namin matanaw ang trak na puno ng mga sundalo. Ito ang libangan sa wala ng mga wala. Sa biyaheng pa-Maynila noong 2013, habang panay ang kuha ko ng low-res na litrato sa cellphone sa lahat ng impraestruktura ng Kamaynilaan, tahimik lamang si Papa na nagmamasid sa bintana ng bus. Baka humahabi na naman ng mga kuwento, ng mga kasaysayan.